**Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles**
**(Los Angeles Unified School District)**
333 S. Beaudry Avenue, 24th Floor
Los Angeles, California 90017
Phone: (213) 241-7000

**Alberto M. Carvalho**
Superintendent

**Lupon ng Edukasyon**
Scott M. Schmerelson, Presidente
Dr. Rocío Rivas, Bise Presidente
Sherlett Hendy Newbill
Nick Melvoin
Karla Griego
Kelly Gonez
Tanya Ortiz Franklin

Agosto 2025

Minamahal naming Pinag-isang Pamilya ng Los Angeles (Los Angeles Unified Family):

Para sa Pinag-isang Los Angeles (Los Angeles Unified), nananatiling pinakamataas na priyoridad namin ang kaligtasan, dignidad, at kapakanan ng bawat mag-aaral at pamilya. Sa mga oras na walang katiyakan – lalo na sa mga panahong tumitindi ang gawaing pagpapatupad sa batas ng imigrasyon – mahalaga higit kailanman na ang mga pamilya ay mayroong tumpak na impormasyon, malinaw na patnubay, at suportang kailangan nila para panatag at handa sila.

Itong Kagamitang Pansuporta para sa Kahandaan ng Pamilya (Family Preparedness Care Package) ay nagbibigay ng tulong sa bawat hakbang. Sa loob nito, makikita mo ang mga mahahalagang mapagkukunan na magagamit ng iyong pamilya, kabilang ang:

- Gabay sa paggawa ng plano para sa kahandaan ng pamilya
- Mga libreng mapagkukunang legal na inilaan sa pamamagitan ng aming mga partner sa komunidad
- Impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan bilang mag-aaral at pamilya, anuman ang katayuan sa imigrasyon
- Mga kapaki-pakinabang na gabay kaugnay ng mga mahahalagang dokumento at numero sa pakikipag-ugnayan
- Mga detalye kaugnay ng paparating na mga workshop tungkol sa Alamin ang Iyong mga Karapatan (Know Your Rights)

Dapat ninyong malaman na ang Pinag-isang Los Angeles (Los Angeles Unified) ay hindi nangangalap o nagbabahagi ng impormasyon tungkol sa katayuan sa imigrasyon ng mag-aaral o pamilya. Ang aming mga paaralan ay ligtas at inklusibong mga lugar na nakatuon sa pag-aaral, suporta, at oportunidad – para sa bawat bata, araw-araw.

Nauunawaan namin na mahirap ang panahong ito para sa maraming pamilya. Hindi ka nag-iisa. Narito kami para suportahan ka at manindigan kasama ang aming mga mag-aaral at pamilya bilang isang komunidad na nakasalig sa katapatan, pagmamalasakit, at pakikipagkapwa-tao.

Ang mga pamilya at empleyado na nangangailangan ng suporta ay maaaring bumisita sa lausd.org/weareone para sa higit pang impormasyon o tumawag sa Hotline ng Pinag-isang Pamilya ng Los Angeles (Los Angeles Unified Family) sa (213) 443-1300 para sa karagdagang tulong.

Taos-puso,

Alberto M. Carvalho
Superintendent

# KAGAMITANG PANSUPORTA PARA SA KAHANDAAN NG PAMILYA

ANG IYONG GABAY PARA SA KAHANDAAN NG PAMILYA

## 1 GUMAWA NG PLANO PARA SA PANGANGALAGA NG BATA

### IPAALAM SA PAARALAN AT MGA PROGRAMA NG IYONG ANAK ANG TUNGKOL SA PLANO PARA SA PANGANGALAGA NG BATA

- **I-update** ang mga kontak pang-emerhensiya
- **Magbahagi** ng mga kopya ng impormasyong medikal
- **Tiyaking** may pasaporte ang iyong anak

PASSPORT

### MAGTALAGA NG ISANG PINAGKAKATIWALAANG TAO NA NASA HUSTONG GULANG

- **Standby, Pansamantala, o Permanente na pagiging Tagapangalaga**
- **Form para sa isang espesipikong estado**
  (hal. Sinumpaang Pahayag ng Pagpapahintulot ng Tagapag-alaga (Caregiver's Authorization Affidavit) sa California)
- **Berbal na Kasunduan**

AFFIDAVIT

## 2 MGA OPSYONG PANG-IMIGRASYON

### ALAMIN KUNG SINO ANG MAARING MAGBIGAY NG PAYO TUNGKOL SA IMIGRASYON AT KUMATAWAN SA IYO

- **Mga Lisensiyadong Abogado**
  Mag-ingat sa mga huwad na "notaryo." Itsek ang lisensiya ng abogado sa www.calbar.ca.gov
- **Mga Kinatawang Aprobado ng DOJ**
  Pumunta sa irlc.me/findhelp o i-scan ang QR code sa itaas

### ANO ANG AASAHAN MULA SA ISANG KINATAWANG LEGAL

- **Regular** na pag-uulat tungkol sa kaso
- **Pagpirma** ng mga kontrata
- **Kopya** ng lahat ng dokumento isinumite/natanggap

CONTRACT

## 3 ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN

### KUNG DUMATING ANG ICE

- **HUWAG** buksan ang pinto
  Maliban kung may kautusan (warrant) ang ICE na pirmado ng hukom at may nakasaad na tamang tirahan at pangalan mo
- **HUWAG** sumagot sa mga tanong o magbahagi ng personal na impormasyon
- **HUWAG** pumirma ng anuman
- **Isaulo** ang mga mahahalagang kontak
  May karapatan kang tumawag sa telepono
- Gumamit ng **Pulang Card na Alamin ang Iyong mga Karapatan (Know Your Rights Red Card)**
  Pumunta sa ilrc.org/red-cards o i-scan ang QR code sa itaas para mag-print ng mga pulang card
- **Manatiling Kalmado**
  Maghanap ng taong nasa kustodiya ng ICE sa locator.ice.gov/odls

## GUMAWA NG PLANO PARA SA PANGANGALAGA NG BATA

### > PILIIN AT AYUSIN NANG MAAGA ANG IYONG PLANO PARA SA PANGANGALAGA NG BATA

- Magtalaga ng isang alternatibong tagapag-alaga kung hindi mo maalagaan ang iyong anak. Kabilang sa mga opsyon:
  - Berbal na kasunduan: Simple, ngunit hindi legal na may bisa para sa mga desisyon.
  - Sinumpaang Pahayag ng Pagpapahintulot ng Tagapag-alaga : Binibigyang-daan ang tagapag-alaga na magpasya sa mga bagay tungkol sa pag-aaral at kalusugan; nananatili sa iyo ang iyong mga karapatan bilang magulang.
  - Pagiging Tagapangalaga: Ipinagkaloob ng korte ang kustodiya. Mariing inirerekomenda ang legal na payo.
- Pag-usapan ang plano at mga tungkulin kasama ang pamilya at ang iyong itinalagang tagapag-alaga.
- Kumuha ng pasaporte para sa iyong anak. Para sa batang ipinanganak sa U.S., mag-aplay/pumunta sa: travel.state.gov.

### > IPAALAM SA PAARALAN/MGA PROGRAMA ANG IYONG ALTERNATIBONG PLANO KUNG HINDI KA AVAILABLE

- I-update ang mga kontak pang-emerhensiya; isaulo ang mga mahahalagang numero ng telepono.
- Ipaalam sa tagapag-alaga ang mga gamot, alerdyi, seguro , at impormasyong legal.

## IYONG MGA OPSYONG PANG-IMIGRASYON

### > ALAMIN KUNG SINO ANG LEGAL NA MAAARING MAGBIGAY NG PAYO TUNGKOL SA IMIGRASYON AT KUMATAWAN SA IYO

- Sumangguni lamang sa mga lisensiyadong abogado na beripikado ng ahensyang pang-abogasya ng Estado (State bar) sawww.calbar.ca.gov o sa mga kinatawang aprobado ng Kagawaran ng Katarungan (Department of Justice DOJ) na nasa Talaan ng mga Kinikilalang Organisasyon at Aprobadong Kinatawan ayon sa Estado at Lungsod
- Para sa libre o abot-kayang tulong, pumunta sa: ilrc.me/findhelp

### > ANO ANG AASAHAN MULA SA ISANG KINATAWANG LEGAL

- Pumirma ng kontrata na nagdedetalye ng mga serbisyo at babayaran.
- Dapat na regular kang ina-update ng iyong legal na tagapagkaloob.
- Kumuha ng libreng kopya ng lahat ng dokumento, maliban kung may ibang napagkasunduan.

## ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN

### > KUNG DUMATING ANG ICE SA BAHAY MO:

- Buksan lamang ang pinto kung may kautusang pirmado ng hukom na nakasaad ang iyong pangalan.
  - Ang pagbubukas ng pinto ay nangangahulugan ng pagkawala ng ilang legal na karapatan.
- Gamitin ang Pulang Card upang igiit ang mga karapatan; manahimik sa harap ng ICE.

### > PAKIKITUNGO SA ICE:

- Manahimik; huwag sumagot sa mga tanong.
- Huwag magbigay ng impormasyon na personal o tungkol sa pamilya.
- Huwag kailanman pumirma sa mga dokumento nang walang abogado.
- Isaulo ang mga kontak pang-emerhensiya; maaari kang tumawag kung kinakailangan.
- Manatiling kalmado; huwag tatakbuhan ang ICE — makasasama ito sa iyong kaso.

I-SCAN AKO

LAUSD 2025 WE ARE ONE

# KAGAMITANG PANSUPORTA PARA SA KAHANDAAN NG PAMILYA

FILE NG MGA MAHAHALAGANG DOKUMENTO

- ○ PASAPORTE
- ○ SERTIPIKO NG KAPANGANAKAN
- ○ IMPORMASYONG MEDIKAL
- ○ UTOS NG PAGPIGIL (KUNG NAAANGKOP)
- ○ REHISTRO NG KAPANGANAKAN (PARA SA BATANG IPINANGANAK SA US KUNG NAAANGKOP)
- ○ SINUMPAANG PAHAYAG NG PAGPAPAHINTULOT NG TAGAPAG-ALAGA
- ○ LISENSIYA SA KASAL (KUNG NAAANGKOP)
- ○ A-NUMBER
- ○ SOCIAL SECURITY CARD / ITIN NUMBER
- ○ PAHINTULOT PARA MAGTRABAHO
- ○ GREEN CARD
- ○ US ID (WALANG KATAYUAN SA IMIGRASYON)

## MGA DOKUMENTONG LIGTAS DALHIN

- ✔ PAHINTULOT PARA MAGTRABAHO O GREEN CARD
- ✔ US ID (WALANG KATAYUAN SA IMIGRASYON)
- ✔ PULANG CARD
- ✔ IMPORMASYON NG MGA KONTAK: ISAULO ANG MGA NUMERONG ITO! (NUMERO NG ABOGADO, KONTAK PANG-EMERHENSIYA, LOKAL NA MABILISANG PAGTUGON)

## MGA DOKUMENTONG HINDI LIGTAS DALHIN

- ✘ PEKENG ID O MGA DOKUMENTONG PANG-IMIGRASYON
- ✘ ANUMANG DOKUMENTO NA NAKALISTA ANG BANSANG PINAGMULAN

LAUSD 2025 WE ARE ONE

# KAGAMITANG PANSUPORTA PARA SA KAHANDAAN NG PAMILYA

MGA NUMERONG PANG-EMERHENSIYA & MAHAHALAGANG IMPORMASYON NG MGA KONTAK

| PAMILYA AT EMERHENSIYA | |
|---|---|
| **Pangalan ng Magulang/Tagapag-alaga #1:** | |
| A-Number | |
| Bansang Pinagmulan | |
| Selpon/Telepono sa Bahay | |
| **Pangalan ng Magulang/Tagapag-alaga #2:** | |
| A-Number | |
| Bansang Pinagmulan | |
| Selpon/Telepono sa Bahay | |
| **Ibang pang Pangalan ng Kontak Pang-emerhensiya:** | |
| Relasyon: | |
| Selpon | |
| **Ibang pang Pangalan ng Kontak Pang-emerhensiya:** | |
| Relasyon: | |
| Selpon | |

| HOTLINE NG PAMILYA | |
|---|---|
| Telepono | 213-443-1300 |

| MEDIKAL | |
|---|---|
| **Pangalan ng Pangunahing Doktor:** | |
| Numero ng Telepono | |
| Segurong Pangkalusugan | |
| Numero ng Polisa | |
| **Pangalan ng Pediatrician:** | |
| Numero ng Telepono | |
| Segurong Pangkalusugan | |
| Numero ng Polisa | |

| PAARALAN | |
|---|---|
| **Pangalan ng Paaralan:** | |
| Telepono ng Paaralan | |
| Pangalan ng Guro | |

| MGA SERBISYONG LEGAL | |
|---|---|
| Pangalan ng Abogado | |
| Numero ng Telepono | |

LAUSD 2025

# WE ARE ONE

MAPAGKUKUNANG GABAY SA IMIGRASYON PARA SA MGA PAMILYA



1 **Saan ako makakukuha ng tulong para sa mga sumusunod: mga opsyon sa virtual na paaralan, transportasyon, imigrasyon, kalusugan, kagalingan, at pabahay?**
Hotline Pampamilya ng Pinag-isang Los Angeles (Los Angeles Unified): (213) 443-1300 | Tumatanggap ng mga tawag 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

---

2 **Ano ang aking mga pangkalahatang karapatan kung madetene ako ng Imigrasyon at Tagapagpatupad ng Batas (Immigration and Law Enforcement)?**

- Huwag buksan ang pinto kung may kumakatok na ahente ng imigrasyon sa iyong bahay.
- Huwag sumagot sa anumang tanong — may karapatan kang manahimik.
- Huwag pumirma ng anuman nang hindi muna nakikipag-usap sa isang abogado.
- May karapatan kang magkaroon ng abogado, ngunit ang mga abogado sa imigrasyon ay hindi ibinibigay ng gobyerno.
- Kung nilapitan ka sa labas ng iyong bahay, itanong: "Puwede ba akong umalis?" Kung sumagot sila ng oo, mahinahong lumayo. [1]

---

3 **Ano ang dapat kong gawin para maging handa? Saan ko maa-update ang aking impormasyon ng mga kontak pang-emerhensiya?**
Ang paghahanda ng isang Plano para sa Kahandaan ng Pamilya ay makatitiyak na may ibang taong nasa hustong gulang na makapag-aalaga sa iyong anak kung kinakailangan. I-update ang impormasyon ng kontak pang-emerhensiya sa pamamagitan ng pagpunta sa pangunahing opisina ng paaralan o sa pamamagitan ng paggamit sa Portal para sa mga Magulang (Parent Portal) upang i-update ang mga numero ng telepono. Mahalagang panatilihing updated ang impormasyong ito para sa mga emerhensiya.

---

4 **Anong mga dokumento ang dapat kong ihanda kung sakaling madetene ako ng ICE?**

- Balidong pahintulot para magtrabaho (work permit) o green card, kung naangkop.
- ID na inisyu ng pamahalaan ng Estados Unidos (na walang binabanggit na katayuan o bansang pinagmulan).
- Pulang card upang igiit ang iyong karapatan na manahimik.
- Impormasyon ng kontak para sa taong maaaring kumilos bilang kinatawan mo
- Patunay ng paninirahan sa Estados Unidos nang hindi bababa sa dalawang taon. [1]

---

[1] *Sunod-sunod na Hakbang kaugnay ng Plano para sa Kahandaan ng Pamilya (Step-by-Step Family Preparedness Plan) |* Sentro ng Mapagkukunang Legal para sa Imigrante (Immigrant Legal Resource Center ILRC)



5 **Ano ang mangyayari kung madetene ako sa isang hukuman sa imigrasyon (immigration court)? Ano ang maaaring kaharapin ng isang tao sa panahon ng proseso ng deportasyon?**
Kung madetene, maaari kang dalhin sa isang detention center. Tiyaking alam ng iyong pamilya ang iyong A-number (kung mayroon ka) at ang iyong bansang pinagmulan. Maaari ka nilang hanapin online sa pamamagitan ng ICE detainee locator.[1]

6 **Saan ako makahahanap ng legal na kinatawan sa hukuman sa imigrasyon (immigration court)?**

- Paghahanap ng Abogado sa Ahensyang Pang-abogasya ng Estado (State Bar) ng California
- Mga organisasyon sa California na kinikilala ng Lupon ng Apelasyon sa Imigrasyon (Board of Immigration Appeals BIA) upang kumatawan sa mga imigrante sa harap ng Department of Homeland Security (DHS) at Tanggapan ng Ehekutibo para sa Paghahatol hinggil sa Imigrasyon
- Mga Center para sa Pagtulong sa Sarili ng mga Korte ng California
- Mga Tanggapan para sa Tulong Legal at mga Serbisyo sa Pag-refer ng Abogado
- Ang konsulado o embahada ng bansang pinagmulan ng magulang o tagapangalaga.

[1] *Sunod-sunod na Hakbang kaugnay ng Plano para sa Kahandaan ng Pamilya (Step-by-Step Family Preparedness Plan) |* Sentro ng Mapagkukunang Legal para sa Imigrante (Immigrant Legal Resource Center ILRC)

**LAUSD 2025**

# WE ARE ONE

MGA WORKSHOP SA IMIGRASYON PARA SA MGA PAMILYA



# NAGKAKAISA TAYO ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN NA MGA WORKSHOP

## MGA PETSA AT ORAS:

Ang *lingguhang mga workshop tuwing Biyernes ay magsisimula sa **Agosto 22, 2025.**

**Umaga** Ika-1 at ika-3 Biyernes mula 9:00 - 10:30 AM

**Gabi** Ika-2 at ika-4 na Biyernes mula 5:00 - 6:30 PM

**Walang mga sesyon tuwing holiday o sa mga panahon na pahinga (recess) ang LAUSD.*

## IMPORMASYON SA ZOOM:

**Zoom URL:** bit.ly/WeAreOneLAUSD

**Zoom ID:** 895 5755 5227

## SUPORTA SA WIKA:

May ilalaang kasabay na pagsasalin sa wikang Espanyol.

Iniimbitahang magtipon ang mga pamilya at paaralan sa buong L.A. para sa makabuluhang lingguhang workshop na ito na idinisenyo upang magbigay-kaalaman, suporta, at kapangyarihan sa ating mga komunidad.

Binuo sa tulong ng mga pinagkakatiwalaang eksperto mula sa mga nonprofit na organisasyon, ang mga sesyong ito ay sumasaklaw sa mga mahahalagang paksa gaya ng mga legal na karapatan bilang mga imigrante, edukasyon, pabahay, kalusugan, at marami pa. Bagamat hindi nagbibigay ng payong legal, ang mga workshop ay nagbibigay ng mahahalagang pantulong, mapagkukunan, at koneksyon upang matulungan ang mga pamilya na manatiling handa at matatag.

Hinihikayat ang mga punong-guro na ibahagi ang oportunidad na ito sa mga pamilya at tumulong sa pagbuo ng mas matatag na komunidad ng paaralan sa pamamagitan ng pag-oorganisa ng mga watch party sa kampus. Ang mga pagtitipong ito ay hindi lamang nagbibigay ng pagkakataon para matuto kundi lumilikha rin ng mga panahon para sa pakikipag-ugnayan, pagtutulungan, at pagbuo ng komunidad. Palakasin natin ang ating sarili—nang magkakasama.

*__Pagtatatwa:__ Hindi nagbibigay ng payong legal ang LAUSD. Ang mga workshop ay para lamang sa layuning pang-impormasyon at ang nilalaman ay maaaring baguhin at i-update depende sa anumang pagbabago sa mga patakaran, pamamaraan, at batas. Para sa legal na payo, mangyaring kumonsulta sa mga lisensyadong abogado.*

*Upang makakuha ng Pulang Card, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong paaralan at gamitin ang sumusunod na QR code para makapag-download ng kopya sa wikang gusto mo.*

**IKAW AY MAY MGA KARAPATANG KONSTITUSYONAL:**

- **HUWAG BUKSAN ANG PINTO** kung may kumakatok na ahente ng imigrasyon.
- **HUWAG SAGUTIN ANG ANUMANG TANONG** mula sa isang ahente ng imigrasyon kung susubukan ka nilang kausapin. May karapatan kang manahimik.
- **HUWAG PUMIRMA NG ANUMAN** nang hindi muna nakikipag-usap sa isang abogado. May karapatan kang makipag-usap sa isang abogado.
- Kung nasa labas ka ng iyong bahay, tanungin ang ahente kung maaari kang umalis at kung sumagot sila ng oo, mahinahong umalis.
- **IBIGAY ANG CARD NA ITO SA AHENTE.** Kung nasa loob ka ng iyong bahay, ipakita ang card mula sa bintana o ipasok ito sa ilalim ng pinto.

Ayaw kong makipag-usap sa inyo, sagutin ang inyong mga tanong, o pirmahan o ibigay sa inyo ang anumang dokumento ayon sa aking mga karapatan sa ilalim ng Ika-5 Susog ng Konstitusyon ng Estados Unidos. Hindi ko kayo pinahihintulutang pumasok sa aking bahay ayon sa aking mga karapatan sa ilalim ng Ika-4 na Susog ng Konstitusyon ng Estados Unidos, maliban na lamang kung mayroon kayong kautusan (warrant) na pinirmahan ng isang hukom o mahistrado, na may pangalan ko, at ipapasok ninyo sa ilalim ng pinto. Hindi ko kayo pinapayagang halughugin ang alinman sa aking mga pag-aari ayon sa aking mga karapatan sa ilalim ng Ika-4 na Susog. Minabuti kong gamitin ang aking mga karapatang konstitusyonal.

*Inilalaan ang mga card na ito para sa mga mamamayan at hindi mamamayan.*